

## Gabay sa mga Guro sa Paggamit ng Most Essential Learning Competencies (MELCs) sa Araling Panlipunan

Minarapat ng Kagawaran ng Edukasyon sa pangunguna ng Bureau of Curriculum Development ang pagbuo ng pinakamahahalagang kasanayang pampagkatuto (most essential learning competencies) upang tugunan ang mga hamong kaakibat ng COVID19 tulad ng mas maikling panahong pagpasok sa paaralan, limitadong interaksyon sa pagitan ng mag-aaral at guro, at mga kaugnay na hamon na may kinalaman sa *instructional delivery*.

Pinapanatili ng MELCs ang mga pangunahing layunin sa pag-aaral ng Araling Panlipunan tulad ng pagpapaunlad ng pansibikong kaalaman at kagalingan, mapanagutang mamamayan, at iba pa.

Sa pagtukoy ng MELCs, ginamit ang pamantayang enduring (life-long learning) - mga kaalamang nananatili sa mahabang panahon na magagamit ng mga mag-aaral sa kanilang pamumuhay

Kalakip ng pamantayang nabanggit ang pagsasaalang-alang ng pagsasakatuparan ng pamantayang pangnilalaman at pagganap na makikita sa bawat kwarter o markahan.

### Paano gagamitin ang MELCs sa pagtuturo?

Layunin ng pagbuo ng MELCs ay matulungan ang mga guro na matukoy ang mahahalagang kasanayang pampagkatuto upang sa gayon ay mabigyan ito ng prayoridad at maging batayan sa kanilang mga desisyong instruksiyonal at hindi upang palitan ang kasalukuyang curriculum guide.

Ang mga MELC ay hinango mula sa mga *learning competencies* ng K to 12 Araling Panlipunan Curriculum Guide kung saan, ito ay pinag-aralan kung *retained*, *merged*, *rephrased*, *subsumed* o *deleted* katulad ng nasa talahanayan sa ibaba:

MELCs	Uri ng Batayan / Paliwanag	Halimbawa (Learning Competency/-ies mula sa K to 12 Curriculum Guide)
'Nasasabi ang batayang impormasyon tungkol sa sarili: pangalan, magulang, kaarawan, edad, tirahan, paaralan, iba pang pagkakakilanlan at mga katangian bilang Pilipino' (AP1, Quarter 1).	Retained <input type="checkbox"/> <i>itinuturing na esensyal kaya hindi nirebisa o nanatili sa dati nitong anyo o artikulasyon tulad ng makikita sa K to 12 Curriculum Guide</i>	'Nasasabi ang batayang impormasyon tungkol sa sarili: pangalan, magulang, kaarawan, edad, tirahan, paaralan, iba pang pagkakakilanlan at mga katangian bilang Pilipino' (AP1, Quarter 1).
*Naipaliliwanag ang konsepto ng komunidad' (AP2, Quarter 1)	Merged <input type="checkbox"/> <i>magkakaugnay, magkakahalintulad, o bahagi ng isang paksa na pinag-isa na lamang sa pamamagitan ng pagbuo ng bagong PP</i>	a. <i>Nauunawaan ang konsepto ng 'komunidad'</i> , b. <i>'Nasasabi ang payak na kahulugan ng 'komunidad' at</i> c. <i>Nasasabi ang mga halimbawa ng 'komunidad'</i>

	<input type="checkbox"/> <i>pagsasama-sama ng ilang learning competencies upang mapaikli ang panahon ng pagtuturo nang hindi isinasantabi ang pagbibigay tuon sa paglinang ng pagpapahalaga (valuing) at pagsasabuhay nito</i>	
<i>*Naipamamalas ang pagpapahalaga sa pagkakatulad at pagkakaiba-iba ng mga kultura gamit ang sining na nagpapakilala sa lalawigan at rehiyon (e.g. tula, awit, sayaw, pinta, atbp.) (AP 3, Quarter 3)</i>	Rephrased <input type="checkbox"/> <i>sumailalim sa pagpapalit ng learning verb, salita, o grupo ng mga salita upang gawin itong mas tiyak, malinaw, o komprehensibo</i> <input type="checkbox"/> <i>pagsasaayos ng learning competency/-ies upang higit itong maging malinaw sa guro</i>	<i>'Naipapakita sa iba't-ibang sining ang pagmamalaki sa mga natatanging kaugalian, paniniwala at tradisyon ng iba't ibang lalawigan sa kinabibilangang rehiyon' (AP3PKR- IIIh-9).</i>
Nailalapat ang kahulugan ng ekonomiks sa pang-araw-araw na pamumuhay bilang isang mag-aaral, at kasapi ng pamilya at lipunan (AP 9, Quarter 1)	Subsumed <input type="checkbox"/> <i>magkakaugnay, magkakahalintulad, o bahagi ng isang paksa na ipinagpapalagay na nakapaloob na sa nakapag-iisang (independent) MELC</i>	a. Naipakikita ang ugnayan ng kakapusan sa pang-araw-araw na pamumuhay b. Natutukoy ang mga palatandaan ng kakapusan sa pang-araw-araw na buhay. c. Nakakabuo ang konklusyon na ang kakapusan ay isang pangunahing suliraning panlipunan d. Nakapagmumungkahi ng mga paraan upang malabanan ang kakapusan
	Deleted <input type="checkbox"/> <i>hindi isinama sa ibang uri ng PPs dahil ito ay hindi esensyal, at ang pagtatanggal dito ay halos walang epekto sa pagkakamit ng pamantayang pangnilalaman/pagganap</i>	Nasusuri ang mga tungkulin ng iba't-ibang organisasyon ng negosyo (LC 22, AP 9, Quarter 1)

Tulad ng *curriculum guide*, ang MELCs ay batayan ng guro sa lalamanin ng kanilang pagtuturo sa *Taong Pampaaralang 2020-2021*. Bawat kasanayang pampagkatuto ay may malawak na paksa at kasanayan. Ito ay inaasahang ia-*unpack* ng guro sa kanyang DLP o DLL upang mabigyang pansin ang mga batayang konsepto at kaalaman na siyang kakailanganin sa pagsasakatuparan nito. Lahat ng MELCs ay inaasahang tutugon sa pamantayang pangnilalaman at pamantayan sa pagganap.